

Paglikha ng mga Ligtas at Mapagtanggap na Paaralan: Impormasyon para sa mga Magulang tungkol sa Batas sa mga Mapagtanggap na Paaralan (Panukalang-batas 13)

Alam natin na ang isang ligtas, nagsasama at mapagtanggap na paaralan ay mahalaga para sa nakakamit at kapakanan ng estudyante.

Iyon ang dahilan kung bakit ipinasok ng pamahalaan ang Panukalang-batas 13, ang *Batas sa mga Mapagtanggap na Paaralan*, na naipasa na bilang batas.

Ano ang Panukaang-batas 13?

Ang Panukalang-batas 13 ay nag-aatas sa mga lupon ng paaralan na hadlangan at tugunan ang di-angkop at hindi magalang na pagkilos ng mga estudyante sa ating mga paaralan. Ang mga pagkilos na ito ay kabilang ang pananakot, diskriminasyon at panliligalig. Ang bagong batas ay naglililaw na ang pagkilos na ito ay hindi katanggap-tanggap sa ating mga paaralan. Ito ay nagtataguyod na paggalang at pag-unawa para sa lahat ng mga estudyante anuman ang lahi, kasarian, oryentasyong sekswal, kapansanan o anumang ibang dahilan.

Paano natutulungan ng Panukalang-batas 13 ang mga paaralan at lupon na hadlangan at tugunan ang di-angkop na pagkilos, kabilang ang pananakot?

Isinusulong nito ang nagawa na ng mga lupon ng paaralan at mga paaralan. Ang Panukalang-batas 13 ay nag-aatas sa mga lupon na:

- Magtatag ng mga patakaran tungkol sa progresibong disiplina, paghadlang at pamamagitan sa pananakot, at pagkakapantay-pantay at nagsasamang edukasyon.
- Isaalang-alang ang mas mabigat na mga bunga para sa estudyanteng nananakot ng iba. Maaaring kabilang dito ang pagsuspinde at pagsasaalang-alang ng pagpapatalsik kung:
 - Ang estudyante ay nasuspinde para sa pananakot ang pananatili ng estudyante sa paaralan ay lumilikha ng hindi katanggap-tanggap na panganib sa kaligtasan ng iba, o
 - Ang pananakot ay itinulak ng pagkiling, masamang palagay o pagkamuhi.

Ang Batas sa Edukasyon ay nag-aatas na ng mga suporta para sa sinuspinde at pinatalsik na estudyante:

- Kung ang estudyante ay sinuspinde o nasa matagal na pagsuspinde (higit sa limang araw ng paaralan), sila ay tatanggap ng suporta sa akademiko/di-akademiko sa pamamagitan ng isang [programa sa pagsuspinde/pagpapatalsik](#). Ang mga estudyanteng nasuspinde ng hanggang limang araw ng paaralan ay tatanggap ng isang pakete ng araling-bahay.

- Magkaloob ng pagsasanay at impormasyon sa mga guro at ibang mga tauhan ng paaralan taun-taon tungkol sa paghadlang sa pananakot at pagtataguyod ng mga positibong klima sa paaralan.
- Isama ang mga hangarin sa positibong klima sa paaralan at paghadlang sa pananakot sa kanilang maraming-taong mga plano at gawin ang mga planong ito na makukuha ng publiko.

Binabago ba ng Panukalang-batas 13 ang tungkulin ng mga punong-guro?

- Ang panukalang-batas ay nagbibigay sa mga punong-guro ng bago, tiyak na mga responsibilidad. Sila ay inaatasan ngayon na:
 - Imbistigahan ang anumang insidenteng iniulat ng isang empleyado ng lupon na maaaring humantong sa pagsuspinde o pagpapatalsik sa isang estudyante, kabilang ang pananakot.
 - Bigyan ng paunawa ang magulang/mga tagapag-alaga ng mga estudyanteng napinsala ng ibang estudyante tungkol sa insidente, kapag ang pagkilos ng estudyante ay maaaring humantong sa pagsuspinde o pagpapatalsik sa kanila. Imbitahan din ang mga magulang upang talakayin ang mga suportang ipagkakaloob sa kanilang anak.
 - Imbitahan ang mga magulang/tagapag-alaga ng estudyanteng napinsala sa insidente upang talakayin ang mga suportang ipagkakaloob sa kanilang anak. Inaatasan na ang mga punong-guro na bigyan ng paunawa ang mga magulang na ito.
 - Makipag-ugnayan sa mga guro at kung angkop, ibang mga empleyado ng lupon, na nag-ulat ng isang insidente na maaaring humantong sa pagsuspinde o pagpapatalsik sa isang estudyante. Ang mga punong-guro ay aatasan na ipagbigay-alam sa mga ito ang tungkol sa mga resulta ng kanilang imbestigasyon sa insidente.

Paano sumusuporta ang Panukalang-batas 13 sa mga lupon at paaralan upang palahukin ang mga magulang, estudyante at ibang mga tauhan at mga may nakataya?

Ang panukalang-batas ay tumutulong sa mga magulang na makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa suportang makukuha ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng paaralan at sa mga pagsisikap na ginagawa ng paaralan upang makabuo ng mas positibong klima sa paaralan.

Ang mga lupon ay inaatasan na:

- Magtatag ng isang proseso para sundin ng mga magulang kung sila ay may mga ikinababahala tungkol sa suportang natatanggap ng kanilang anak.

- Bumuo ng isang pamamaraan na nagpapahintulot sa mga estudyante, magulang at iba pa na ligtas na iulat ang mga insidente ng pananakot.
- Magsagawa ng mga pagtatanong tungkol sa klima sa paaralan sa mga tauhan, estudyante at magulang tuwing dalawang taon o mas madalas.
- Mag-alay sa mga magulang ng mga karagdagang pagkakataon na matuto tungkol sa kaligtasan ng estudyante at klima sa paaralan.

Paano sinusuportahan ng Panukalang-batas 13 ang mga estudyante?

Ang Panukalang-batas 13 ay nag-aatas sa:

- Mga paaralan na magkaloob ng suporta sa mga estudyanteng gumawa ng di-angkop na pagkilos o naaapektuhan ng di-angkop na pagkilos.
- Mga paaralan na magkaloob ng mga programa, pamamagitan o ibang mga suporta sa mga biktima at mga nananakot, at sa mga nakasaksi sa insidente.
- Mga paaralan na magkaloob ng mga paraan para ang mga estudyante ay ligtas na makapag-ulat ng mga insidente ng pananakot.
- Mga lupon at paaralan na pahintulutan ang mga estudyante na bumuo ng mga grupo sa kanilang paaralan upang itaas ang kamalayan at pag-unawa ng lahat ng mga estudyante sa mga paksang tulad ng:
 - laban sa rasismo;
 - mga taong may kapansanan;
 - pagkakapantay-pantay ng kasarian;
 - oryentasyong sekswal at kinikilalang kasarian.
 Sa mga grupong ito ay maaaring kabilang ang Gay-Straight Alliances (GSAs).

Ang mga lupon at punong-guro ay hindi makakahadlang sa mga estudyante na gamitin ang pangalang GSA o ibang pangalan na maaaring piliin ng mga estudyante para sa mga grupong ito.

Ang mga estudyante ay maaaring bumuo ng ibang mga uri ng grupo batay sa mga pangangailangan ng kanilang paaralan.

- Ang pangalan ng pinamumunuan-ng-estudyante na grupo ay dapat makatulong na itaguyod ang isang positibong klima sa paaralan na nagsasama at mapagtanggap sa lahat ng mga estudyante.

Paano nakakaapekto ang Panukalang-batas 13 sa mga organisasyon na umuupa ng espasyo sa mga pampublikong paaralan?

Ang Panukalang-batas 13 ay nag-aatas sa mga ikatlong partido, tulad ng mga liga ng palakasan at mga grupong pangkomunidad, na sundin ang mga pamantayan ng pagkilos na kasang-ayon ng Kodigo sa Pagkilos ng Lalawigan kapag gumagamit sila ng espasyo sa mga pampublikong paaralan. Ang Kodigo ay tumutulong na tiyakin na ang lahat ng mga miyembro ay tinatrato nang may paggalang at dignidad at ginagamit na sa maraming taon.

Paano nagagawa ng “buong paaralan na pagharap” ang mga paaralan na mas mahusay na mga lugar para matuto?

Ang pagbuo ng isang positibo at nagsasamang klima sa paaralan ay nangangailangan ng isang “buong paaralan na pagharap” na batay sa malusog at magalang na mga relasyon sa buong paaralan at sa komunidad.

Ang ligtas, nagsasama at mapagtanggap na mga paaralan ay sumusuporta sa mga estudyante upang gawin ang kanilang makakaya sa silid-aralan at sa ibang lugar. Bawat isa ay may papel na ginagampanan sa pagkakamit ng ligtas, nagsasamang mga paaralan, kabilang ang pamahalaan, mga lupon ng paaralan, tauhan ng paaralan, magulang, estudyante at miyembro ng komunidad.

Magkakasama makakalikha tayo ng mga positibong klima sa paaralan na tumutulong sa lahat ng mga estudyante na matuto, umunlad at magtagumpay.

Ang Panukalang-batas 13 ay bahagi ng isang komprehensibong planong pang-aksyon

Ang pagbabatas ay nagsusulong ng ating Mga Istratehiya sa Pagkakapantay-pantay at Nagsasamang Edukasyon at mga Ligtas na Paaralan. Ang pagbabatas ay bahagi ng isang mas malaking planong pang-aksyon na kabilang ang:

- Pagpapasok ng mas maraming manggagawa sa kalusugan ng isip sa mga paaralan at pagpapalawak ng mga serbisyong pagpapayo sa video na may psychiatrist para sa mga bata sa mga rural at malalayong komunidad.
- Paghahanap ng mga paraan upang magsama ng mas maraming prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at nagsasamang edukasyon at mgaistratehiya sa paghadlang sa pananakot sa buong kurikulum, sumusulong sa mga rekomendasyon mula sa Konseho ng Kurikulum ng Ontario.
- Pagsasagawa ng kampanya sa pampublikong kamalayan upang bigyang-diin na ang lahat ng mga Taga-Ontario ay may papel sa paghadlang sa pananakot.
- Paglikha ng isang Ekspertong Panel sa mga Mapagtanggap na Paaralan upang magkaloob ng payo tungkol sa mga tagatulong at mga gawain na nagtutuo ng pansin sa isang buong paaralan na pagharap, kabilang ang paghadlang at pamamagitan sa pananakot.

May mga karagdagang katanungan?

Ang mga magulang ay makakakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa taglay ng Ontario na:

- Planong Pang-aksyon para sa mga Mapagtanggap na Paaralan sa www.ontario.ca/acceptingschools
- Istratehiya sa mga Ligtas na Paaralan sa www.edu.gov.on.ca/eng/parents/safekit.html
- Istratehiya sa Pagkakapantay-pantay at Nagsasamang Edukasyon sa www.edu.gov.on.ca/eng/policyfunding/equity.html
- Kodigo sa Pagkilos ng Lalawigan sa www.edu.gov.on.ca/eng/safeschools/standards.html